



**DEPARTAMENTO NG ALASKA PARA SA EDUKASYON AT  
MAAGANG PAG-UNLAD**



## **Pabatid ukol sa mga Karapatang Pang- edukasyon (“PROCEDURAL SAFEGUARDS”)**

### **KARAPATAN NG MGA MAGULANG PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON**

**Office of Special Education Programs (907) 465-8693 Numero ng Opisina**  
**801 West 10<sup>th</sup> Street, Suite 200 (907) 465-2815 TTY/TTD**  
**P.O. Box 110500 (907) 465-2806 FAX**  
**Juneau, AK 99811-0500**  
**[www.eed.state.ak.us/tls/sped/](http://www.eed.state.ak.us/tls/sped/)**

**Setyembre 2007**  
**Nirebisa Pebrero 2011**

*Mahal naming mga magulang:*

*Inilalarawan sa booklet (maliit na aklat) na ito ang inyong mga karapatan at mga karapatang pang-edukasyon (procedural safeguards) sa ilalim ng mga batas at regulasyon ng Alaska, at ang batas-pederal na “Individual Disabilities Education Improvement Act” (Batas para sa Pagpapaunlad ng Edukasyon ng mga Taong may Kapansanan), na sinusugan noong 2004 (IDEA 04), at ang mga kaugnay nitong regulasyon. Kung sa kasalukuyan ay hindi tumatanggap ang anak ninyo ng mga espesyal na serbisyong pang-edukasyon, binigyan kayo ng booklet na ito, alinman nang dahil sa hiningi ninyong bigyan ng espesyal na serbisyo ang anak ninyo, o naniniwala ang distrito na maaaring kailanganin ang espesyal na edukasyon. Kung tumatanggap na ang inyong anak ng espesyal na serbisyong pang-edukasyon, ibinigay ang booklet na ito sapagkat may isang gawaing ipinapanukala o naganap na, kung saan kinailangang bigyan ang mga magulang ng ganap na paliwanang tungkol sa mga karapatang pang-edukasyon sa ilalim ng IDEA 04.*

*Bilang magulang ng isang bata na hinihinalang may kapansanan o may tukoy na kapansanan, napakahalagang aktibo kayo sa pagtulong sa pagbabalangkas ng mga desisyon ukol sa programang pang-edukasyon ng inyong anak. Mangyaring balik-aralin at pag-aralan ang impormasyong nasa boklet na ito. Maaari ninyong kausapin ang ibang tao tungkol sa impormasyong ito, o dahil may mga alalahanin kayo o mga katanungan. Hinihikayat ko kayong kausapin ang guro o mga guro ng inyong anak, ang punong-guro ng gusali, o ang isang tagapangasiwa ng espesyal na edukasyon sa inyong distrito. Kalimitang nalulutas ang problema sa mga ganitong pangkaraniwang usapan, at nakakatulong sa pagpapanatili ng isang bukas na talakayan. Mayroong listahan ng mga karagdagang mahihingan ng tulong (resources) sa dulo ng booklet na ito.*

*Lahat tayo ay sama-samang gumagawa upang makapagdisenyo ng isang programang pang-edukasyon na makatutupad sa mga natatanging pangangailangan ng inyong anak. Ang inyong tinig, dagdag pa sa pakikipagtulungan at pagpupunyagi ng mga tauhan ng paaralan sa distrito, mga ahensiya ng komunidad, at iba pa, ay lalo pang nakapagbibigay ng katiyakan na ang bawat batang Alaskan na mayroong kapansanan ay tatanggap ng libre at angkop na publikong edukasyon (public education).*

*Sumasainyo, Art Arnold*

*Direktor ng Estado para sa Espesyal na Edukasyon Departamento ng Alaska para sa Edukasyon at Maagang Pag-unlad*

# MGA NILALAMAN

Panimula .....	5
Para sa Karagdagang Impormasyon.....	5
Partisipasyon ng Magulang .....	6
Pahintulot ng Magulang.....	6
Paunang Kasulatan ng Pabatid.....	7
Muling Pagtatasa .....	9
Akses sa mga Ulat tungkol sa Edukasyon .....	9
Independyenteng Pagtatasa ng Edukasyon .....	11
Pagkakataong Maghain ng mga Reklamo.....	11
Disiplina sa Paaralan at Paglalagay sa isang Pansamantalang Alternatibong Paglulugaran (Interim Alternative Setting) .....	20
Mga Batang Pumapasok sa mga Pribadong Paaralan .....	24
Iba pang mga Mahihingan ng Tulong (Resources).....	26
<b>Mga Pormularyo</b>	
Pabatid ng Administratibong Sakdal .....	3 Pahina
Pabatid ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig .....	3 Pahina

## **Mga Batang may Kapansanan sa Ilalim ng Seksyon 504**

Maaaring may kapansanan ang ilang bata, na nakakaapekto sa kanilang mga pangunahing gawain sa buhay, ngunit hindi akma sa isa sa mga kategoriya ng kapansanan sa ilalim ng “Individuals with Disabilities Education Improvement Act (IDEA 04)” o Batas ukol sa Pagpapaunlad ng Edukasyon ng mga Taong may Kapansanan. Maaaring mabigyan ng proteksyon ang mga batang ito ng ibang batas-pederal; ng Seksyon 504 ng “Rehabilitation Act of 1973” o Batas ukol sa Pagpapagaling (Rehabitasyon). Ang mga karapatan ng mga batang “504 lamang”, pati na ng kanilang mga magulang, ay, sa ilang paraan, kapareho ng mga karapatang pang-edukasyon na inilarawan sa booklet o maliit na aklat na ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 504, kontakin ang tagapag-ugnay (coordinator) ng Seksyon 504, sa distrito ng inyong paaralan.

## **PANIMULA**

Nagkakaloob ang aklat na ito sa mga magulang ng mga batang may kapansanan, na may edad na 3 hanggang 21, ng kaalaman tungkol sa kanilang karapatang pang-edukasyon, na kung minsan ay tinatawag ring “procedural safeguards”. Ang *booklet* na ito ang inyong “**Pabatid ukol sa mga Karapatang Pang-edukasyon**”.

Mamimigay ang Distrito ng kopya ng *booklet* na ito minsan bawat taon.

Ang Pabatid na ito ukol sa mga Karapatang Pang-edukasyon ay dapat na ibigay sa inyo kapag humingi kayo ng kopya at:

- sa unang pagkakataon na itinuro ang anak ninyo (referral) para sa isang espesyal na pagsusuring pang-edukasyon;
- sa bawat pagkakataong hihiling kayo na suriin o muling suriin ang inyong anak;
- kung hihiling kayo ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig (due process hearing);

Ang mga Susog ng Batas 2004 para sa Pagpapaunlad ng Edukasyon ng mga Taong may Kapansanan o “Individuals with Disabilities Education Improvement Act (IDEA) Amendments of 2004” (tutukuyin dito bilang IDEA 04) ay isang batas-pederal para sa espesyal na edukasyon, kung saan hinihingi sa mga distrito ng mga paaralan na magkaloob ng libre at angkop na publikong edukasyon sa mga karapat-dapat na bata, na mayroong kapansanan. Ang libre at angkop na publikong edukasyon (free appropriate public education -FAPE) ay nangangahulugan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, na inilarawan sa isang IEP (Individualized Educational Program o Programang Pang-edukasyon na Ipinasadya), at ipinagkakaloob sa mga bata sa isang kapaligirang may pinakakonting restriksyon. Kasama rin sa IDEA 04 ang mga karapatang pang-edukasyon na nasa *booklet* na ito.

## **PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Ang distrito ng paaralan sa inyong lugar ang unang dapat puntahan para sa karagdagang impormasyon. Maraming tao sa distrito ng pamahalaan na makakasagot sa mga tanong tungkol sa edukasyon ng inyong anak. Maaari ninyong kontakin ang pangkalahatan o espesyal na gurong pang-edukasyon ng inyong anak, o kaya’y ang punong-guro ng paaralan. Maaari n’yo ring kontakin ang espesyal na tagapangasiwang pang-edukasyon ng distrito ng inyong paaralan. Ang iba pang mahihingan ng tulong ay nakalista sa dulo ng *booklet* na ito.

## **PARTISIPASYON NG MAGULANG**

Mahalaga ang inyong partisipasyon. Mabibigyan kayo ng mga pagkakataong sumali sa mga pagpupulong tungkol sa pagtutukoy, pagsusuri, pagkakarapat-dapat, paglulugaran ng edukasyon ng inyong anak, at iba pang mga bagay-bagay na kaugnay ng libre at angkop na publikong edukasyon. (FAPE). Kasama na rito ang karapatang sumali sa mga pagpupulong upang mapaganda ang IEP ng inyong anak.

Ang salitang magulang ay nangangahulugan ng isang magulang, isang tagabantay o “guardian”, isang tao na kumakatawang magulang, o isang tao na itinalagang kahalili ng magulang.

## **PAHINTULOT NG MAGULANG**

**Ang Unang Pagsusuri.** Kailangang magkaroon ang distrito ng inyong paaralan ng nakasulat na pahintulot bago nito suriin ang inyong anak. Kailangang ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan ang tungkol sa mga gagamiting pamamaraan ng pagsusuri sa inyong anak. Kailangang may kasamang iba’t ibang mga gamit (tools) at istratehiya ang pagsusuri, kabilang na ang impormasyong inyong ibibigay.

**Muling Pagsusuri.** Kailangang magkaroon ang distrito ng inyong paaralan ng nakasulat na pahintulot bago nito suriing muli ang inyong anak. Ganunpaman, maaaring suriing muli ng distrito ng paaralan ang inyong anak kahit wala kang nakasulat na pahintulot, kung maipakikita ng distrito ng paaralan na ginawa nito ang lahat nang resonableng paraan upang makuha ang inyong pahintulot, subali’t hindi kayo sumasagot. Kung ayaw ninyong pahintulutan, kailangang sabihin nang malinaw sa nararapat na tauhan ng paaralan ang inyong pag-ayaw, kung maaari ay sa pamamagitan ng isang sulat.

**Panimulang Paglulugar para sa Espesyal na Edukasyon.** Kailangang magbigay kayo ng kasulatan ng inyong pagpapahintulot bago ang panimulang paglalagay ng distrito ng paaralan sa inyong anak sa isang espesyal na programang pang-edukasyon.

**Pagpapalitan ng Impormasyon.** Kailangan ang inyong pahintulot bago ilabas ng distrito ang anumang impormasyong magtutukoy sa pagkatao ng inyong anak sa kahit na sinong tao o ahensiya, na hindi naman pinahihintulutan ng batas na makakita nito.

**Pag-ayaw o Pag-uurong ng Pahintulot.** Maaari mong ayawan ang pagbibigay ng pahintulot para sa isang pagsusuri, isang muling pagsusuri, o ang panimulang paglalagay ng inyong anak sa isang espesyal na edukasyon. Maaaring iurong ang inyong pahintulot kung ang aksyon kung kailan ibinigay ang pahintulot ay hindi nangyari. Kayo at ang distrito ng paaralan ay maaaring magkasundong subukan muna ang isang tagapamagitan upang maresolba ang mga bagaybagay na hindi pagkasunduan. Maaari rin ninyong bawiin ang inyong pagsang-ayon sa serbisyong espesyal na edukasyon sa anumang oras.

**Tandaan:** Ang pag-ayaw na magbigay ng pahintulot o pagbawi ng pahintulot para sa mga serbisyo ay nangangahulugan na hindi kailangang magbigay ng distrito ng isang Libre at Angkop na Publikong Edukasyon (Free and Appropriate Public Education - FAPE), at hindi kailangang tumawag ng mga pagpupulong para sa IEP ng inyong anak.

## **PAUNANG KASULATAN NG PABATID**

Dagdag pa sa pagiging isang kasali sa pagdedesisyon, may karapatan kayo sa isang paunang kasulatan ng pabatid, mula sa distrito ng paaralan, pagkatapos makagawa ng mga mahahalagang desisyon na makakaapekto sa espesyal na edukasyon ng inyong anak, pero bago isagawa ang mga naturang desisyon. Kasama na rito ang mga desisyon na:

- tukuyin ang inyong anak na isang batang may kapansanan, o palitan ang pagkakarapatdapat ng inyong anak mula sa isang kapansanan sa isa pa;
- suriin o muling suriin ang inyong anak;
- makagawa ng isang IEP para sa inyong anak, o palitan ang IEP ng inyong anak; o,
- ipasok ang inyong anak sa isang espesyal na programang pang-edukasyon, o palitan ang kinalulugaran ng espesyal na edukasyon ng inyong anak
- baguhin o sirain ang mga impormasyong nakatago sa distrito, na magtutukoy sa pagkatao ng inyong anak;
- alamin kung ang kapansanan ba ng inyong anak ang dahilan kung bakit siya gumawa ng isang maling asal/gawi, na nangailangan ng isang aksyong pangdisiplina, na naging dahilan kung bakit pinalitan ang paglulugaran; o
- ihinto ang lahat ng espesyal na programang pang-edukasyon (kabilang na ang pagtatapos o “graduation”).

May karapatan ka rin sa isang paunang kasulatan ng pabatid mula sa distrito ng paaralan, kung aayawan ng distrito ang kahilingan mong:

- tukuyin ang inyong anak na isang batang may kapansanan, o palitan ang pagkakarapatdapat ng inyong anak mula sa isang kapansanan sa iba pa;
- suriin o muling suriin ang inyong anak;
- makagawa ng isang IEP para sa inyong anak, o palitan ang IEP ng inyong anak; o,
- ipasok ang inyong anak sa isang espesyal na programang pang-edukasyon, o palitan ang kinalulugaran ng espesyal na edukasyon ng inyong anak

Kailangang kasama sa isang paunang kasulatan ng pabatid ang:

- isang paglalarawan ng aksyong iminungkahi o inayawan ng distrito ng paaralan;
- isang paliwanag kung bakit iminumungkahi o inaayawan ng distrito ang gumawa ng aksyon;
- isang paglalarawan ng anumang iba pang opsyon na isinasaalang-alang ng distrito, at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga naturang opsyon;
- isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng ebalwasyon, pagsusuri, rekord o ulat na ginamit na batayan ng iminungkahi o inayawang aksyon;
- isang paglalarawan ng anumang iba pang salik na may kabuluhan sa aksyong iminungkahi o inayawan;
- isang pahayag na nagsasabing ang mga magulang ng isang batang may kapansanan ay protektado ng mga karapatang pang-edukasyon na inilarawan sa booklet na ito, at kung ang pabatid ay hindi para sa isang panimulang “referral” o pagtuturo kung saan pupunta, isang pahayag kung paano kukuha ng isang kopya ng booklet na ito na *Notice of Procedural Safeguards* o Pabatid ukol sa mga Karapatang Pang-edukasyon; at
- mga maaari mong kontakin upang makahingi ng tulong para maunawaan ang mga naturang karapatang pang-edukasyon.

Kailangang nakasulat ang pabatid sa isang wikang naiintindihan ng publiko. Kung nahihirapan kang initindihin ito o ang anumang iba pang dokumento, tanungin po ang tauhan ng paaralan sa inyong lugar upang maipaliwanag ang anumang salita o pamamaraang nananating malabo.

Kailangang nasa katutubo ninyong wika ang paunang kasulatan ng pabatid, maliban na lamang kung malinaw na hindi ito maaaring gawin, at kung gayun, kailangang ipaalam sa inyo ng distrito ang impormasyon sa ibang paraan. Maaaring magbigay ng isang interpreter (tagapagsalita sa sarili mong saling-wika) para sa mga magulang na hindi gaanong marunong ng wikang English, na iba ang salita o wikang ginagamit. Kung bingi ang magulang, bulag o walang nakasulat na wika, kailangang tiyakin ng distrito na ang nilalaman ng pabatid ay nasa anyong karaniwang ginagamit (gaya ng “sign language” o pagmumustra, “Braille” o “oral communication” o sa pakikipag-usap).

Kung hindi ka sasang-ayon sa isang panukalang aksyon pagkatanggap ng pabatid, kailangang tawagan mo ang punong-guro ng inyong anak o ang tagapamahala ng distrito para sa espesyal na edukasyon, upang matalakay ang bagay na ito. Kung hindi kayo magkasundo, may karapatan kayo sa isang marapat at makatarungang kaparaanan ng pagdinig mula sa ikatlong panig na walang kinikilingan. (Ang mga marapat at makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay tinatalakay ng detalyado ‘di kalaunan sa dokumentong ito). Kung, sa loob ng 10 araw pagkaatanggap ng kasulatan ng pabatid, ay naghain ka ng isang nakasulat na pagtutol sa isang panukalang aksyon, hindi maaaring mangyari ang pagbabago, hangga’t hindi dumarating ang mga resulta ng marapat at makatarungang kaparaanan ng pagdinig



## **MULING PAGSUSURI**

Kung ipahihintulot ng mga pangyayari, kailangang suriin muli ang inyong anak (muling pagsusuri), kung ikaw o ang guro ng inyong anak ay hihiling muli ng pagsusuri, pero dapat, hindi kukulangin sa isang beses kada tatlong taon. Kung ipapasiya ng grupo ng IEP na walang karagdagang datos na kakailanganin para madetermina kung ang anak mo ba ay patuloy na nagkakaroon ng kapansanan, o patuloy na nangangailangan ng espesyal na edukasyon, kailangang ipabatid sa inyo ng distrito ng paaralan ang naturang desisyon, at ang mga dahilan nito. Sa ilalim ng mga pangyayaring ito, hindi na kailangang tasahin ng distrito ng paaralan ang inyong anak. Ganunpaman, may karapatan ka pa ring hilingin sa distrito na magsagawa ng isang pagtatasa, upang malaman kung patuloy pa rin ang pagiging karapat-dapat ng inyong anak sa espesyal na edukasyon.

## **AKSES SA MGA REKORD TUNGKOL SA EDUKASYON**

Ang IDEA 04 at ang Batas ukol sa Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado (Family Education Rights and Privacy Act -FERPA) ay may mga probisyong nagbibigay ng proteksyon sa pagkakumpidensyal ng mga rekord ng mga mga-aaral. Ipinagkakaloob rin ng mga batas sa ito sa mga magulang ang karapatang magbalik-aral at mag-inspeksyon ng mga rekord. Ipapalagay ng distrito na ang bawat magulang ay may karapatang mag-inspeksyon at magbalik-aral ng mga rekord ng kanilang anak tungkol sa edukasyon, maliban na lamang kung ang distrito ay nakatanggap ng mga legal na dokumento na naglilimita sa akses ng mga magulang sa mga naturang rekord.

May karapatan kang mag-inspeksyon at magbalik-aral ng lahat ng mga rekord ng anak mo tungkol sa edukasyon:

- nang hindi maaantala kung hindi naman kailangan;
- bago magkaroon ng anumang pagpupulong tungkol sa IEP ng inyong anak;
- bago ang anumang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig na may kaugnayan sa inyong anak; at, sa alinmang kaso,
- sa loob ng 45 araw mula nang humiling.

Kasama sa karapatang mag-inspeksyon ang:

- isang paliwanag at interpretasyon ng mga rekord mula sa tauhan ng distrito ng pamahalaan;
- ang karapatan ng distrito na sumingil para sa mga kopya ng mga rekord na ginawa para sa inyo, kung ang bayad ay hindi epektibong nakakapigil sa inyo na pairalin ang inyong mga karapatang mag-inspeksyon at magbalik-aral ng mga naturang rekord; at
- ang karapatan na ma-inspeksyon at mabalik-aral ang mga rekord ng inyong anak ng isang

kinatawang kayo ang pumili.

Ang mga kahilingang makita ang mga rekord ng inyong anak ay karaniwang hinihiling sa punongguro ng gusali o sa tagapamahala ng espesyal na edukasyon ng distrito ng inyong paaralan.

**Pagpapalit ng Impormasyong nasa Rekord.** Pagkatapos na mabalik-aral ang mga rekord tungkol sa edukasyon ng inyong anak, maaari ninyong sabihin sa distrito ng paaralan na palitan ang anumang impormasyong sa paniniwala ninyo ay mali o nakaliligaw, o lumalabag sa pagkapribado ng inyong anak, o sa iba pang mga karapatan. Papalitan ng distrito ang mga iyon, o tatanggihan ang kahilingan mo, sa loob ng makatuwirang haba ng panahon. Kung tatanggihan ang inyong kahilingan, kailangang sabihin sa inyo ng distrito ang dahilan kung bakit kayo tinanggihan, at may karapatan kayo sa isang pagdinig sa ilalim ng Batas ukol sa Mga Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado (Family Educational Rights and Privacy Act FERPA).

Pagkatapos ng pagdinig, gagawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Kung ipasiya sa pagdinig na ang rekord ay mali, nakaliligaw o lumalabag sa pagkapribado ng iyong anak o sa iba pang mga karapatan, sususugan ng distrito ang rekord ayon sa nararapat, at ipaaalam ito sa inyo sa pamamagitan ng isang sulat;
- Kung ipasiya sa pagdinig na huwag susugan ang rekord, maaari kayong maglagay ng isang pahayag sa mga rekord na nagsasabi kung bakit hindi kayo sumasang-ayon sa mga rekord ng distrito. Itatago ng distrito ang pahayag na ito bilang bahagi ng mga rekord ng anak ninyo. Anumang oras na ilabas ang mga rekord ng anak ninyo, ang pahayag na ito ay magiging bahagi ng mga rekord.

**Pagbubulgar ng mga Rekord.** Kailangang hingin ang inyong pahintulot bago payagang magamit ang impormasyon sa isang layuning iba pa sa kung bakit ito kinalap, o bago ibulgar ang personal na impormasyong magtutukoy tungkol sa inyong anak sa sinumang hindi karapat-dapat na makakita nito. Makikita ninyo ang mga pangalan at katungkulan ng mga empleyado ng distrito ng pamahalaan na pinapayagang makakita ng personal na impormasyong magtutukoy sa inyong anak sa isang lugar, kung saan itinatago ang mga dokumento.

**Pagtatapon ng mga Rekord.** Kailangang itago ng distrito ng paaralan ang mga rekord tungkol sa edukasyon hanggang sa hindi na kailanganin ang mga ito para makapagkaloob ng serbisyong pang-edukasyon, pero hindi dapat na mas maiksi pa sa 5 taon.

Kung ang mga personal na impormasyong nagtutukoy na nakalap, naitago, o ginamit ay hindi na kailangan ng distrito, ang mga naturang impormasyon ay maaari nang itapon. Gagawin ng distrito ang mga makatuwirang paraan upang maipabatid ito sa inyo, at aalukin kayo ng isang kopya ng rekord na itatapon. Isang makatuwirang paraan ang pagpapadala ng sulat sa pinakahuling nalalamang tirahan ng magulang.

## **MGA INDEPENDYENTENG PAGSUSURI TUNGKOL SA EDUKASYON**

Ang isang independyenteng pagsusuri tungkol sa edukasyon ay isang pagsusuring isinasagawa ng isang kwalipikadong taga-eksamen, na hindi empleyado ng distrito ng paaralang may pananagutan sa inyong anak. Maaari kayong humiling ng isang independyenteng pagsusuri tungkol sa edukasyon, na ang distrito ng paaralan ang gagastos, kung hindi kayo sasang-ayon sa isang pagsusuring ginawa ng distrito ng paaralan.

Kailangang sagutin ng distrito ng paaralan ang iyong kahilingan sa loob ng makatuwirang haba ng panahon. Kung naniniwala ang distrito ng pamahalaan na ang pagsusuring ito ay angkop, maaari itong humiling ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig. Kung maipakita ng distrito ng paaralan sa isang pagdinig na ang pagsusuri nito ay angkop, hindi na magbabayad ang distrito ng paaralan ng isang independyenteng pagsusuri tungkol sa edukasyon. Maaari pa rin kayong kumuha ng isang independyenteng pagsusuri tungkol sa edukasyon, at kayo ang gagastos.

Kailangang panatilihin ng mga distrito ng paaralan ang isang listahan ng mga publiko at pribadong ahensiya, na kwalipikadong magsagawa ng independyenteng pagsusuri tungkol sa edukasyon. Pwedeng humingi ng listahang ito. Karaniwan, sa tagapamahala ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan hinihingi ang listahang ito. Kailangang mayroong pareparehong katangian ang mga independyenteng nagsusuri, gumagamit ng pare-parehong kriterya sa mga pagsusuri, at isinasagawa ang pagsusuri sa kaparehong sitwasyon ng mga tagadistritong nagsusuri.

Ang mga resulta ng independyenteng pagtatasa sa edukasyon (ginawa na ang gumastos ay sinuman sa distrito o magulang) ay kailangang isaalang-alang ng distrito ng paaralan, kung magpapatupad ng mga karagdagang aksyon tungkol sa inyong anak, na ang pahahalagahan ay ang pagkakaloob ng isang libre at angkop na publikong edukasyon. Ang mga pagtatasang ito ay maaaring ituring na ebidensiya sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig.

Maaari ring iutos ng opisyal ng pagdinig ang isang independyenteng pagtatasa sa edukasyon ng iyong anak, na ang gagastos ay ang distrito ng paaralan, habang nagaganap ang isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

## **PAGKAKATAONG MAGHAIN NG MGA REKLAMO**

Kung may mga alalahanin kayo tungkol sa mga serbisyong para sa espesyal na edukasyon ng iyong anak, ang unang hakbang ay ang makipag-usap sa regular o espesyal na guro ng edukasyon ng inyong anak, sa punong-guro ng gusali o sa tagapamahala ng distrito ng paaralan para sa espesyal na edukasyon. Makakatulong sa pagharap sa mga alalahanin, kung kumilkilos muna sila upang maisagawa ang mga hakbang sa lalong madaling panahon, upang masuportahan

ang ugnayan sa trabaho ng mga magulang, tauhan, at mga bata. Kung ang mga alalahanin ay hindi mareresolba, maaari kayong magsagawa ng mga karagdagang hakbang, kabilang na ang nakasulat na reklamo sa Alaska Department of Education & Early Development (DEPARTAMENTO NG EDUKASYON), pagdinig at pagpapasiya (mediation), at/o paghiling ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

**Pagdinig at Pagpapasiya (Mediation).** Ang pagdinig at pagpapasiya ay isang kusang loob na proseso, kung saan nagsasama-sama ang isang tagapamagitan walang kinikilingan, at ang mga panig ng isang alitan, upang tangkaing maresolba ang hindi pagkakasunduan, sa pamamagitan ng isang planado, bagama't 'di pormal, na pagpupulong. Ang mga kwalipikadong tagapamagitan ay sanay sa mga teknik ng pagdinig at pagpapasiya, at marunong sa mga batas at regulasyon tungkol sa espesyal na edukasyon. Kung ang isang tagapamagitan ay hindi pinili sa pamamagitan ng isang random o tsansa-tsansang pamamaraan mula sa listahan ng mga kwalipikadong tagapamagitan, kailangang sumali ang magkabilang panig sa pagpili ng tagapamagitan at pagkasunduan ang napiling indibidwal na siyang mamamagitan. Ang mga sesyon ay itatakda sa mga oras at lugar na maluwag para sa mga panig. Anumang mapapagkasunduan sa isang pagdinig at pagpapasiya ay ilalagay sa isang kasulatan. Ang mga naganap na talakayan sa proseso ng isang pagdinig at pagpapasiya ay kumpidensiyal, at hindi maaaring gamiting ebidensiya sa mga susunod na marapat o makatuwirang kaparaanan ng pagdinig, o sa mga usapin sa hukuman. Maaaring hilingin sa mga panig na lagdaan ang isang pangako sa pagkakumpidensiyal, bago simulan ang proseso ng pagdinig at pagpapasiya.

Hinihikayat kayong humiling ng isang pagdinig at pagpapasiya, basta't mayroong alitang magaganap sa proseso ng IEP. Ang pagdinig at pagpapasiya ay isang alternatibo, pero hindi isang panimulang pangangailangan para magkaroon ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, o ng paghahain ng isang nakasulat na reklamo. Kung hihiling ka ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig kailangang magkaloob ang distrito ng pagdinig at pagpapasiya. Ganunpaman, hindi magagamit ang pagdinig at pagpapasiya sa pag-aantala ng karapatan sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, o ang 45 – palugit na araw na itinakda para sa mga pagdinig, bagama't maaaring hilingin ng magkabilang panig sa opisyal ng pagdinig na ipagpaliban ang pagdinig, habang naghihintay ng mga gagawin sa pagdinig at pagpapasiya.

Humiling ng isang pagdinig at pagpapasiya sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng sulat-kahilingan sa:

Alaska Special Education Mediation Services  
C/O Dave Thomas  
P.O. Box 4750  
Whitefish, Montana 59937  
Libreng Tawag sa Telepono: 1-800-580-2209  
Fax: 1-406-863-9229

**Nakasulat na Reklamo.** Kung naniniwala ka na lumabag ang distrito ng paaralan sa mga regulasyon ng IDEA 04 o ng estado, maaari kang magsampa ng isang nakasulat na reklamo sa DEPARTAMENTO NG EDUKASYON. Kailangang hamunin ng mga reklamo ang mga naganap na paglabag na nangyari sa loob ng hindi hihigit sa isang taon bago ang pagsasampa ng reklamo.

Gamitin ang “Pormularyo Ng Pabatid Ng Pang-administratibong Sakdal.

Kailangang ilarawan ng reklamong ito ang problema (mga problema), isama ang inyong pangalan at impormasyon kung paano makokontak, at magbigay ng mga tukoy na katotohanan tungkol sa problema (mga problema). Ang **may lagda** mong reklamo ay dapat na ipadala sa:

Special Education Dispute Resolution  
Alaska Department of Education & Early Development  
Teacher and Learning Support, Special Education  
801 West 10<sup>th</sup> Street, Suite 200  
P.O. Box 110500  
Juneau, Alaska 99811-0500  
**O mag-fax sa:** (907) 465-2806  
Attention: Special Education Dispute Resolution

Kung magsasampa kayo ng ganitong uri ng nakasulat na reklamo, magtatalaga ang departamento ng isang imbestigador para sa reklamo, at kailangang tapusin niya ang imbestigasyon sa loob ng 60 araw. Bibigyan kayo ng pagkakataon na magsumite ng karagdagang impormasyon, alinman nang sa pamamagitan nang pagsasabi o pagsusulat ng mga tungkol sa alegasyong nasa reklamo. Isang nakasulat na ulat ang ipapadala sa inyo at sa distrito, na sumasagot sa bawat alegasyon na nasa reklamo, at may nilalaman ring mga nakitang katotohanan, mga pasiya ng batas at mga dahilan ng pinal na desisyon. Kung angkop, ang mga gawaing may kinalaman sa teknikal na tulong o mga pagwawastong aksyon ay maaaring italaga, upang masunod ang mga regulasyon ng IDEA o ng estado.

**Marapat o Makatarungang Kaparaanan ng Pagdinig (Due Process Hearing).** Para maresolba ang mga alitan sa pagitan ng mga magulang at mga distrito ng paaralan, may karapatan ang magkabilang panig sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, na walang kinikilingan. Ang isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay maaari ninyong hilingin, o nang isang mag-aaral na may edad na 18 hanggang 22 taong gulang. Maaaring humingi ng isang pagdinig dahil sa isang hindi pagkakasunduan tungkol sa ilang aspeto ng programang pang-edukasyon ng mag-aaral – at ito ay, iminumungkahi o inaayawan ng distrito ang pagsisimula o pagbabago, pagtutukoy, pagsusuri o paglulugar sa edukasyon ng inyong anak, o ang probisyon para sa isang libre at angkop na publikong edukasyon. Kailangang hamunin ng mga reklamo ang mga naganap na paglabag na nangyari sa loob ng hindi hihigit sa isang taon bago ang pagsasampa ng reklamo.

Ang kahilingan para sa paglilitis ay kinakailangang nakasulat at may pirma. Gamitin ang “Pabatid ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig”. Ipadala ang iyong hiling sa adminitrador ng distrito ng espesyal na edukasyon o sa superintendent at ipadala ang kopya sa:

Special Education Dispute Resolution  
Alaska Department of Education & Early Development  
Teacher and Learning Support, Special Education  
801 West 10<sup>th</sup> Street, Suite 200

P.O. Box 110500  
Juneau, Alaska 99811-0500  
**O mag-fax sa:** (907) 465-2806  
Attention: Special Education Dispute Resolution

May kasamang form na dapat sundin sa booklet na ito. May form din sa tagapamahala ng distrito para sa espesyal na edukasyon o sa Departamento ng Edukasyon.

Kailangang isama mo sa kahilingan para sa isang pagdinig ang:

- pangalan at tirahan ng inyong anak, at ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng inyong anak;
- isang paglalarawan ng problema, kasama na ang mga tukoy na katotohanan tungkol sa problema;
- anumang mungkahi ninyo para malutas ang problema, sa hangganang nalalaman sa panahong iyon; at
- kailangang may lagda ang kahilingan ninyo.

**Tandaan:** Ang panig na humihiling ng marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay hindi dapat payagang mag-ungkat sa panahon ng marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig ng mga isyung hindi inungkat sa inihaing pabatid, maliban na lamang kung sasang-ayon ang kabilang panig.

Ang mga sumusunod ang ilan sa dahilan kung bakit naghahahap kayong isang pagdinig:

1. Ayaw ng distritong tukuyin, suriin o bigyan ng angkop na serbisyo ang inyong anak.
2. Hindi kayo sang-ayon sa panukalang IEP.
3. Tutol kayo sa paghihinto ng espesyal na progman pang-edukasyon ng inyong anak.
4. Naniniwala kayo na ang panukalang paglulugaran ng distrito ay hindi makakatupad sa mga pangangailangan ng inyong anak ayon sa itinadhana ng IEP.
5. Naniniwala kayo na ang paglulugaran ay wala sa pinakakonting narerestriksyunang kapaligiran na kailangan upang makatupad sa mga pangangailangan ng inyong anak.
6. Hindi kayo sumasang-ayon sa isang panukalang pagbabago sa paglulugaran.
7. Hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon tungkol sa ugnayan sa pagitan ng kapansanan ng iyong anak at sa asal/gawi na ang naging resulta ay isang aksyong pang-disiplina.

8. Hindi kayo sumasang-ayon sa intensyong pagtapusin (graduate) na ang inyong anak.

Kung makikita ng sinuman sa mga panig na ang pabatid ukol sa isang marapat at makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay kulang, kailangang sundin ang mga sumusunod na hakbang:

- Kailangang ipabatid ng tumatanggap na panig sa opisyal ng pagdinig at sa nagrereklamo, sa loob ng 15 araw pagkatanggap, na ang pabatid ay hindi nakatupad sa mga kinakailangang nilalaman nito.
- Kailangang magbigay ang ahensiya ng paunang nakasulat na pabatid sa loob ng 10 araw, kung ang ahensiya ay hindi pa nakakapagbigay ng paunang nakasulat na pabatid tungkol sa mga isyung nasa pabatid, ukol sa marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig.
- Kailangang sumagot sa loob ng 10 araw ang panig na hindi nagrereklamo, kung saan kailangan niyang tukuyin ang mga isyung nasa pabatid ukol sa marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig.
- Magpapasiya ang opisyal ng pagdinig kung sapat na ang pabatid ukol sa marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig, sa loob ng 5 araw.
- Maaaring susugan ang marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig ng nakasulat na pahintulot ng kabilang panig, o sa pamamagitan ng isang pagpupulong para sa resolusyon.
- Maaaring pahintulutan ng opisyal ng pagdinig ang isang pabatid ukol sa marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig, pero hindi sa loob ng 5 araw nang marapat o makatarungang kaparaanan ng isang pagdinig.
- Ang mga panahong gugugulin para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay magsisimulang muli, matapos makapaghain ng isang sinusugang pabatid.

Ang isang taong kilala bilang opisyal ng pagdinig na walang kikikilingan, ang siyang nangangasiwa ng pagdinig. Ang taong ito ay marunong sa batas tungkol sa mga batang may kapansanan, at nagsanay sa pangangasiwa ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig. Ang opisyal ng pagdinig ay itatalaga mula sa isang listahang nasa Departamento ng Edukasyon. Sa Alaska, kokontakin ng distrito ang departamento para hilingin itong magtalaga ng isang opisyal ng pagdinig. Pipili ang departamento ng isang opisyal ng pagdinig sa pamamagitan ng prosesong random o tsansa-tsansang paraan ng pagpili, mula sa listahang nasa departamento. Sa loob 5 araw ng trabaho mula nang matanggap ang kahilingan, kayo at ang distrito ay bibigyan ng departamento ng isang pabatid ng pagtatalaga, kasama ang pangalan at isang pahayag tungkol sa mga katangian ng opisyal ng pagdinig, na pinili ng departamento na siyang karapat-dapat na mangasiwa ng pagdinig.

Kayo at ang inyong distrito ay parehong may karapatang tumanggi, kahit walang sabihing dahilan, sa isang opisyal ng pagdinig na itinalaga ng departamento. Kailangang kayo o ang distrito ay magpadala ng nakasulat na pabatid ng pagtanggap sa departamento, sa loob ng 5 araw pagkatanggap ng pabatid ng pagtatalaga. Ang departamento naman, pagkatanggap ng nakasulat na pagtanggap, ay magbibigay ng isang pabatid ng pagtatalaga ng ibang opisyal ng pagdinig upang mangasiwa ng pagdinig. Bawat pagtatalaga ay maaaring sumailalim sa karapatang tumanggi ng isang panig na noong nakaraa'y hindi pa nakakatanggi sa isang pagtatalaga.

Kaagad-agad pagkatapos ng kanyang pagkatalaga, kailangang ipaalam ng opisyal ng pagdinig sa mga panig na mayroon nang pagdinig at pagpapasiya, at himukin ang paggamit ng naturang proseso upang tangkaing maresolba ang hindi pagkasunduan ng magulang at ng distrito ng paaralan. Ganunpaman, ang opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring kumilos bilang tagapamagitan ng alitan.

Ang opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring empleyado ng Alaska Department of Education & Early Development (EED) o ng distrito ng paaralang kasama sa nagbibigay ng pangangalaga at edukasyon sa inyong anak. Ang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, at ang anumang sinalitang argumento ay isasagawa sa isang panahon at lugar na maluwag sa inyo at sa inyong anak, na maaaring dumating. Bubuksan ng opisyal ng pagdinig sa publiko ang pagdinig kung hihilingin mo ito, kundi'y isasarado sa publiko ang pagdinig.

May ilang tukoy na karapatan ang isang panig sa isang pagdinig, kabilang na ang:

- karapatang samahan at payuhan ng isang abugado;
- karapatang magsama ng isa o higit pang indibidwal na may kaalaman o kasanayan sa mga batang may kapansanan;
- karapatang magpakita ng mga ebidensiya at harapin ang, muling tanungin ang, at hinging magkaroon ng, mga saksi;
- karapatang ipagbawal ang anumang ebidensiya na hindi pa naiibulgar 5 araw bago ang pagdinig;
- karapatan sa nakasulat, o, kung pipiliin ng mga magulang, kopyang elektroniko ng eksaktong rekord ng pagdinig; at,
- karapatan sa nakasulat, o, kung pipiliin ng mga magulang, mga elektronikong resulta ng katotohanan at mga desisyon.

Kailangang gawin ang pagdinig at kailangang padalhan pareho ang magkabilang panig ng kopya ng naging desisyon ng opisyal ng pagdinig, sa pamamagitan ng koreo, sa loob ng hindi hihigit sa 45 araw matapos hilingin ang pagdinig. Ganunpaman, ang petsang ito ay maaaring maantala kung ang opisyal ng pagdinig ay nagkaloob ng isang tukoy na pagpapahaba ng panahon (extension), kasunod ng kahilingan ng alinmang panig. Kailangang magdesisyon ang opisyal ng pagdinig at magbigay ng isang kopya ng isang nakasulat, o kung gusto ninyo, elektronikong nalamang katotohanan at mga desisyon, sa bawat panig. Isang kopya ng pinal na utos ang isusumite sa **Departamento ng Edukasyon**. Pagkatapos na maalis ng departamento ng estado



ang anumang impormasyong magtutukoy sa pagkatao, kailangan nitong ipadala ang mga napag-alaman at ang naging desisyon, sa Lupon ng Gobernador para sa mga may Kapansanan at Espesyal na Edukasyon (“Governor’s Council on Disabilities and Special Education”). Ang desisyon ay maaaring malaman ng publiko. Ang desisyong nabuo mula sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig ay pinal, maliban na lamang kung alinamn sa mga panig ay maghain ng apela sa desisyon, sa hukuman ng estado o sa hukumang-pederal, para balikaralin.

**Mga Sesyon para makabuo ng Resolusyon ang Distrito ng Pamahalaan.** Bago magkaroon ng isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, kailangang tumawag ang distrito ng isang pagpupulong kasama ang mga magulang at ang importanteng (mga importanteng) miyembro ng grupo ng Programang Pang-edukasyon na Ipinasadya para sa isang indibidwal (Individualized Education Program --IEP) na mayroong partikular na kaalaman sa mga katotohanang natukoy sa kahilingan para sa isang isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig. Ang pagpupulong para makabuo ng isang resolusyon ay kailangang:

- Maganap sa loob ng 15 araw pagkatanggap ng pabatid ng magulang na humihiling ng isang isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig;
- May kasamang isang kinatawan ng ahensiya na may kapangyarihang megdesisyon sa pangalan ng naturang ahensiya;
- Walang kasamang abugado ng distrito maliban na lamang kung ang mga magulang ay may kasamang isang abugado;
- Tumalakay sa kahilingan para isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, at sa mga katotohanang pinagbatayan ng kahilingan para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig;
- Magbigay sa distrito ng pagkakataon upang maresolba ang kahilingan para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

Angkop ang naunang 5 elemento ng pagpupulong para makabuo ng isang resolusyon, maliban na lamang kung magkakaroon ng isang kasulatan kung saan napagkasunduan ng mga magulang at ng distrito na iisantabi ang naturang pagpupulong, o magkasundong gamitin ang proseso ng pagdinig at pagpapasiyang inilarawan.

Kung hindi naresolba ng distrito ang mga isyu na siyang paksa ng kahilingan para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, at hindi nakalugod sa mga magulang sa loob ng 30 araw pagkatanggap ng kahilingan, maaaring matuloy ang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, at magsisimula ang lahat ng mga itinakdang panahon para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

Kung sakaling sa isang pagpupulong na inilarawan sa itaas ay makakabuo ng isang resolusyon upang maresolba ang mga isyung naging paksa ng kahilingan para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig, magpapatupad ang mga panig ng isang kasunduang may bisa sa ilalim ng batas, na:

- Nilagdaan ng magulang at ng kinatawan ng ahensiya na mayroong kapangyarihan;
- Mapapairal sa anumang hukuman ng estado na may kakayahang sumaklaw ng kapangyarihan (competent jurisdiction), o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Kung ang mga panig ay magsasagawa ng isang kasunduan, maaaring pawalang-bisa ng isang panig ang naturang kasunduan, sa loob ng araw ng trabaho pagkagawa ng kasunduan.

**Pagbubulgar ng Ebidensiya bago ang Pagdinig.** Sa loob ng hindi kukulangin sa 5 araw ng trabaho bago ang pagdinig, ang bawat panig ay kailangang magbulgar sa isa't isa ng anumang ebidensiyang plano nilang ilabas sa pagdinig; maaaring ipagbawal ng alinmang panig ang paggamit ng anumang ebidensiyang hindi naibulgar. Sa loob ng hindi kukulangin sa 5 araw ng trabaho bago ang pagdinig, kailangang ibulgar ng mga distrito ng paaralan at mga magulang sa isa't isa ang lahat ng mga pagsusuring nakumpleto na ng mag-aaral sa petsang iyon, pati na ang mga rekomendasyon batay sa mga naturang pagsusuri, na pinaplanong gamitin sa pagdinig. Maaaring hadlangan ng opisyal ng pagdinig ang alinmang panig na hindi makakatupad sa tuntuning ito, na maipakita ang anumang hindi naibulgar na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig, kahit walang pahintulot ang kabilang panig.

**Ang Paglulugaran ng Bata Habang may Usapin.** Habang nagkakaroon ng pagdinig o pagbabalik-aral ng hukuman, mananatili ang inyong anak sa kasalukuyang pinaglulugaran ng kanyang edukasyon. Angkop ang tuntuning ito na nagsasabing “diyan ka lang muna” (“stay put”) maliban na lamang kung:

- Kayo o ang distrito ng paaralan ay magkasundo sa ibang paglulugaran;
- Ang inyong anak ay nagpapatala na makapasok muna sa isang publikong paaralan, at binigyan ninyo ng pahintulot ang paglulugar sa inyong anak sa isang programa ng publikong paaralan; o
- Inilipat ng tauhan ng paaralan o ng isang opisyal ng pagdinig ang bata sa isang pansamantalang lugar na may alternatibong edukasyon. (Tingnan ang mga impormasyon tungkol sa mga lugar na may alternatibong edukasyon sa ilalim ng bahaging Disiplina sa Paaralan ng dokumentong ito.)

**Apela na Mabalik-aral ng Hukuman.** Pinal ang desisyon ng opisyal ng pagdinig na walang kinikilingan, maliban na lamang kung kayo o ang distrito ay umapela sa desisyon, sa angkop na hukuman ng estado o hukumang-pederal. Ayon sa Appellate Rule 602, dapat na umapela sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pinal na pasiya. Kung magsasampa ka ng isang aksyong sibil (civil action), kailangan ng hukuman na:

- tumanggap ng rekord ng pagdinig;
- duminig ng karagdagang ebidensiya sa kahilingan ng isang panig;

- ibatay ang kanyang desisyon sa nangingibabaw na ebidensiya; at,
- ipagkaloob ang naturang kaalwanang angkop ayon sa hukuman.

**Bayad sa Abugado.** Kung mayroon kayong abugadong kakatawan para sa inyo at naging makabuluhan ang pangingibabaw ninyo sa anumang mga pagdinig o kaso sa hukuman, maaari ninyong bawiin ang ibinayad ninyo sa inyong abugado mula sa distrito ng paaralan. Maaari kayong mangibabaw ng makabuluhan kahit hindi pa ninyo nakukuha ang kaalwanang gusto ninyo mula sa distrito. Ganunpaman, kung karapat-dapat ba kayo sa naturang bayad sa abugado ay maaaring mahirap alamin, at kailangang hukuman ang magsabi kung maaari ito; hindi ang opisyal ng pagdinig.

Ang mga bayad sa abugado ay hindi maigagawad, at ang halaga ng ibinayad para sa mga kaugnay na serbisyo ay maaaring hindi maibalik sa anumang aksyon o usapin ukol sa mga serbsiyong ginawa, bago ang panahong binigyan kayo ng distrito ng isang nakasulat na alok para sa isang pag-aayos o pagbabayad (settlement), kung:

- inalok kayo sa loob ng hindi kukulangin sa 10 araw bago magsimula ang isang pangadministratibo o isang sibil na usapin; at
- hindi ninyo tinanggap ang alok sa loob ng araw pagkagawa nito;
- nakita ng hukuman o ng isang pang-administrabong opisyal ng pagdinig, na ang kaalwanang sa wakas ay nakuha na ninyo na mula sa opisyal ng pagdinig ng isang aksyon sa hukuman ay hindi mas nakabuti para sa inyo, kaysa sa alok na pag-aayos o pagbabayad (settlement).

Maaaring hindi igawad ang bayad sa abugado:

- sa inyo kung para sa legal na representasyon sa isang pagpupulong ng IEP, maliban na lamang kung ang naturang pagpupulong ay ipinatawag bilang resulta ng isang utos ng isang opisyal ng pagdinig o ng isang aksyon ng hukuman; o
- sa isang pagdinig at pagpapasiya na isinagawa bago ang kahilingan para sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

Maaaring bawasan ng hukuman ang igagawad na bayad sa abugado, kung:

- kayo, habang may kaso o usapin, ay walang katuwirang nagpahaba pa ng pinal na resolusyon ng kontrobersiya;
- ang halaga ng kahilingan ay hindi makatuwirang lumampas pa sa umiiral na halaga sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo mula sa mga abugadong may kaparehong kasanayan, reputasyon at karanasan;

- ang oras na ginugol at ang mga ipinagkaloob na serbisyo-legal ay labis-labis, kung isasaalang-alang ang uri ng aksyon; o
- ang abugadong kumakatawan sa inyo ay hindi nagbigay ng lahat ng impormasyong kailangan sa isang marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig.

Kung ang distrito o ang Departamento ng Edukasyon ay isang nangingibabaw na panig, ang hukuman, sa kanyang diskresyon, ay maaaring maggawad ng makatuwirang bayad sa abugado bilang bahagi ng mga ginastos. Maaaring magpasiya ang hukuman at maggawad ng mga ibinayad:

- Laban sa abugado ng isang magulang na nagsampa ng kahilingan para sa isang marapat at makatarungang kaparaanan ng pagdinig o kasunod na sanhi ng aksyon na walang kabuluhan, walang katuwiran o walang batayan; o
- Laban sa abugado ng isang magulang na patuloy pa ring nagdedemanda matapos makita na ang isang litigasyon ay malinaw na walang kabuluhan, walang katuwiran o walang batayan; o
- Laban sa abugado ng isang magulang, o laban sa magulang, kung ang reklamo ng magulang o kasunod na sanhi ng aksyon ay inihain para sa isang maling layunin gaya ng para manligalig, magpaligoy-ligoy, o para pataasin ang halaga ng litigasyon kahit hindi naman kailangan.

## **DISIPLINA AT PAGLULUGAR SA PAARALAN**

### **PANSAMANTALANG ALTERNATIBONG LUGAR NG EDUKASYON**

**Panandalian.** Ang mga panadaliang pagpapa-alis ay pagpapa-alis na hanggang 10 araw na may pasok – minsanan o pinagsama-sama sa loob ng isang buong taong may pasok. Maaaring gamitin ng tauhan ng paaralan ang isang panandaliang pagpapa-alis, kabilang na ang suspensyon, paglilipat ng iyong anak sa isang angkop na pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon o paglalagay ng iyong anak sa ibang lugar, sa kaparehong hangganan kung saan ang mga opsyong ito ay magagamit para sa mga batang walang kapansanan.

**Mga Pagpapa-alis na Pangmatagalan.** Kasama sa mga pagpapa-alis na pangmatagalan ang suspensyon at pagpapatalik, na kung pagsasama-samahin ay hihigit pa sa 10 araw ng isang buong taong may pasok. Ang mga ganitong pagpapa-alis ay tinatawag na pagpapalit ng paglulugaran. Kailangang maipatid sa inyo ang naturang aksyong pangdisiplina at kailangang mabigyan kayo ng isang kopya ng *Pabatid ukol sa mga Karapatang Pangedukasyon* (“*Notice of Procedural Safeguards*”) sa loob ng panahong hindi lalampas sa petsa, kung kailan ang aksyong pangdisiplina na naging dahilan ng pagpapalit ng paglulugaran ay ginawa.

Hindi maaaring gawin ng mga distrito ng paaralan ang ganitong uri ng aksyon para sa isang maling gawi (misconduct) na resulta ng kapansanan ng bata. Kung isinasaalang-alang ng kawani ng paaralan ang isang mas matagal na pagpapa-alis, kailangang ipatawag ng paaralan ang grupo ng IEP, kung saan kayo ay isang miyembro, upang magsagawa ng isang pagbabalik-aral ng kaugnayan sa pagitan ng kapansanan ng inyong anak, at sa inasal nito, na naging dahilan

para magkaron ng isang aksyong pang-disiplina. Tinatawag itong “determinasyon ng manipestasyon”. Kailangang matuloy kaagad ang pagpupulong na ito, kung maaari, o sa loob ng 10 araw matapos ang desisyon ng distrito ng paaralan na ipatupad ang ganitong uri ng aksyong pangdisiplina

**Determinasyon ng Manipestasyon.** Ang pagpupulong para sa determinasyon ng manipestasyon ay kailangang magaganap sa loob ng 10 araw na may pasok pagkatapos ng anumang desisyon na baguhin ang paglulugaran. Ang distrito, magulang, at mga makabuluhang miyembro ng grupo ng IEP (pinili ng magulang at distrito), ay magrerepaso ng lahat ng kaugnay na impormasyon, kabilang ng IEP, anumang obserbasyon ng guro, at anumang kaugnay na impormasyon na ipinagkaloob ng magulang upang alamin:

- Kung ang ginawa ay sanhi ng o may direkta at malaking kaugnayan sa kapansanan ng bata.
- Kung ang ginawa ay direktang resulta ng kabiguan ng Distrito na ipatupad ang IEP.

Kung ang inasal (behavior) ay manipestasyon lamang ng kapansanan ng bata, ang grupo ng IEP ay kailangang magsagawa ng isang “Functional Behavior Analysis” o Pagsusuri ng Ginagawa at Inaasal, at magpatupad ng isang “Behavior Plan” o Balangkas ng Gagawin para sa naturang Gawi/Asal, o balik-aralin ang kasalukuyang umiiral na plano at baguhin ito, kung kailangan, upang maharap ang gawi/asal.

Babalik ang bata sa lugar na pinaglulugaran kung saan siya pina-alis para madisiplina, maliban na lamang kung ang magulang at ang Distrito ay sumang-ayon na palitan ang paglulugaran, bilang bahagi ng modipikasyon ng plano para sa interbensyon ng pag-aasal o “behavioral intervention plan”.

Kung mapagpasiyahan ng grupo ng IEP na ang gawi/asal ay **hindi** isang manipestasyon ng kapansanan ng inyong anak:

- Magsasagawa ang distrito ng paaralan ng isang aksyong pang-disiplina, kagaya ng pagsuspende (suspension) o pagpatalsik (expulsion), sa magkatulad na paraan at parehong tagal ng panahon gagamitin para sa mga batang walang kapansanan;
- Kung kakailanganin ang isang pagdinig para sa pagpapatalsik, kailangang tiyakin ng distrito ng paaralan na ang mga rekord ukol sa espesyal na edukasyon at pagdidisiplina sa inyong anak ay ibibigay sa opisyal ng pagdinig; at
- Kailangang ipagpatuloy ng distrito ng paaralan ang isang libre at angkop na publikong edukasyon sa inyong anak, na nakakatupad na mga indibidwal na pangangailangan ng bata.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng grupo ng IEP, maaari kang humiling ng isang mamadaliing marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig. Kung hihiling ka ng isang pagdinig tungkol sa isang aksyong pangdisiplina para hamunin ang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon o determinasyon ng manipestrasyon, mananatili ang inyong anak sa pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon, habang hinihintay ang desisyon ng

opisyal ng pagdinig, o hanggang sa matapos na ang nakatakdang panahon sa pansamantalang alternatibong paglulugaran ng edukasyon, maliban na lamang kung kayo at ang distrito ay magkasundo na lamang.

Kung ang itinakdang panahon para sa isang pansamantalang alternatibong paglulugaran ng edukasyon ay nagtapos (expire) habang may pagdinig, kailangang bumalik ang inyong anak sa kanyang kinalulugaran bago pumasok sa pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon. Ganunpaman, kung ipinipilit ng tauhan ng paaralan na mapanganib para sa inyong anak ang bumalik sa naturang paglulugaran, maaaring humiling ang distrito ng paaralan sa isang mamadaliing pagdinig upang hingin sa isang opisyal ng pagdinig na iutos sa inyong anak na magpatuloy sa isang alternatibong lugar ng edukasyon.

**Balangkas ng gagawing Interbensyon para sa Gawi/Asal o Behavior Intervention Plan (BIP).** Alinman ng bago sumapit o sa loob ng 10 araw mula nang gawin ang aksyong pangdisiplina na naging sanhi ng pagpapaalis ng inyong anak mula sa kanyang kasalukuyang pinaglulugaran ng edukasyon, kailangang magsagawa ang distrito ng pamahalaan ng ilang tukoy na aksyon. Kung, bago nangyari ang inasal/gawi na naging sanhi ng suspensyon, ang distrito ay hindi nakapagsagawa ng isang pagtatasa ng ginagawa o inaasal (functional behavioral assessment) at hindi nakapagpatupad ng isang balangkas para sa interbensyon ng asal/gawi (behavior intervention plan), kailangang magpatawag ang distrito ng isang pagpupulong kasama ang IEP upang makabuo ng isang balangkas ng pagtatasa (assessment plan) upang maharap ang maling gawi. Kung ang mag-aaral ay mayroon nang balangkas para sa pagtatasa ng gawi/asal nito, kailangang balik-aralin at baguhin ng grupo ng IEP ang balangkas, kung kailangan, upang maharap ang asal/gawi.

**Maling Gawi na may Kinalaman sa Pagdadala ng Armas, Paggamit ng Droga, o Malulubhang Pinsala sa Katawan.** Maaaring ilipat ng tauhan ng paaralan ang isang batas sa isang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon sa loob ng 45 araw na may pasok kung:

- ang bata ay nagdala ng armas sa paaralan o sa isang okasyon sa paaralan; o
- alam ng bata o gumagamit ang bata ng ipinagbabawal na gamot o nagbebenta o nanghihikayat nang pagbebenta mg isang ipinagbabawal na sangkap/gamot, habang nasa paaralan o nasa isang okasyon sa paaralam; o
- lumikha ang bata ng malubhang pinsala sa katawan ng isang pang tao sa paaralan; o
- napagpasiyahan sa isang minadaling marapat o makatarungang kaparaanan ng pagdinig na ang bata ay mapanganib;
- ang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon ay nakatupad sa mga kinakailangang nakalista sa ibaba.

**Pagpapaalis na ginawa ng isang Opisyal ng Pagdinig.** Maaaring ilipat ng opisyal ng pagdinig ang isang bata sa isang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon kung:

- naipakita ng distrito sa pamamagitan ng sapat na ebidensiya na ang pagpapanatili ng bata sa kasalukuyang lugar ng edukasyon ay talaga namang pagmumulan ng pinsala sa bata o

sa iba pa;

- gumawa na ang ahensiya ng publiko ng mga makatuwirang pagpupunyagi upang mabawasan ang panganib na makasakit sa kasalukuyang pinaglulugaran;
- itinuturing ng opisyal ng pagdinig na ang kasalukuyang lugar ng edukasyon ay naaangkop; at
- nadetermina ng opisyal ng pagdinig na ang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon ay nakatupad sa mga kinakailangang nakalista sa ibaba.

**Pansamantalang Alternatibong Lugar ng Edukasyon (Interim Alternative Educational Setting --IAES).** Kung ilalagay ng tauhan ng paaralan ang inyong anak sa isang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon dahil sa paglabag nito sa mga tuntunin ng paaralan, kailangang ipabatid sa inyo ang aksyong pangdisiplina na kanilang gagawin, kailangang matanggap ninyo ang kopya ng *Pabatid ukol sa mga Karapatang Pangedukasyon (Notice of Procedural Safeguards)* sa loob ng panahong hindi lalampas sa petsa kung kailan ipinatupad ang desisyong magsagawa ng isang aksyong pangdisiplina o pagbabago ng paglulugaran, alinman ang nauna. Anumang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon ay dapat na:

- Nagpapahintulot na maipagpatuloy ng inyong anak ang makasali sa pangkalahatang kurikulum, bagama't nasa ibang kapaligiran;
- Nagpapahintulot na maipagpatuloy ng inyong anak ang pagtanggap ng mga serbisyo at modipikasyon, kabilang na ang mga inilarawan sa IEP ng inyong anak, upang matulungan ang inyong anak na makamit ang mga layunin ng IEP; at,
- May kasamang mga serbisyo at modipikasyong dinisenyo upang maharap ang gawi/asal ng bata, na naging sanhi ng isang aksyong pangdisiplina, upang hindi na ito maulit pa.

Ang mga tukoy na pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon ay kailangang determinahin ng grupo ng IEP ng bata, kasama ang mga magulang. Kailangang maganap ang pagpupulong ng IEP bago, o sa loob ng 10 araw pagkatapos, ng anumang isinagawang pagbabago sa aksyong pangdisiplina. Ang layunin ng pagpupulong ay ang maisaalangalang ang problemang gawi/asal na naging sanhi ng padidisciplina sa pamamagitan ng paglilipat ng paglulugaran, at gawin ang mga sumusunod:

- Balik aralin at modipikahin ang balangkas ng interbensyon para sa asal/gawi ng inyong anak, ayon sa pangangailangan, upang maharap ang problema na asal/gawi; o
- Bumuo ng isang plano ng pagtatasa o “assessment plan” upang maharap ang problemang gawi/asal, kung ang distrito ay hindi na nakakapagsagawa noon pa ng isang pagtatasa ng inaasal o ginagawa (functional behavioral assessment ) at hindi pa nagpapatupad ng isang balangkas ng interbensyon para sa asal/gawi; at
- Balik-aralin ang kaugnayan ng kapansanan ng inyong anak sa gawi/asal na sumailalim sa aksyong pang-disiplina.

## **MGA BATANG PUMAPASOK SA PRIBADONG PAARALAN**

Ang mga batang ipinatala ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan ay maaaring sumali sa espesyal na edukasyong pinondohan ng publiko, at sa mga kaugnay na serbisyo. Pinapayagan ng batas pederal na ipagkaloob ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa pribadong paaralan, sa hangganang pinapayagan ng batas ng estado.

**Kailan Hindi Maaaring Hinging Ibalik ang Halagang Ginastos.** May ilang batang may kapansanan ang ipinapasok ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay hindi hinihingan na magbayad ng halaga ng edukasyon, kabilang na ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ng isang bata na may kapansanan na nasa isang pribadong paaralan o pasilidad, kung ang distrito ng paaralan ay nagkaloob ng libre at angkop na publikong edukasyon, at pinili ng mga magulang na ilagay sa isang pribadong paaralan o pasilidad ang kanilang anak.

**Kailan Maaaring Hinging Ibalik ang Halagang Ginastos.** Maaari lamang hingin ng hukuman o ng opisyal ng pagdinig sa distrito ng paaralan na ibalik sa mga magulang ang halagang ginastos sa pagpasok sa pribadong paaralan nang walang pahintulot ng o “referral” ng distrito ng paaralan kung:

- tumanggap ang bata ng espesyal na edukasyon at mga kaugnayna serbisyo, sa ilalim ng kapangyarihan ng isang pampublikong ahensiya, bago ipinatala sa pribadong paaralan; at,
- nakita ng hukuman o opisyal ng pagdinig, na, noong panahong iyon, hindi nagkaloob ang distrito ng paaralan ng napapanahon, libre at angkop na publikong edukasyon sa inyong anak.

**Kailan Maaaring Bawasan O Hindi Ibigay ang Binabawing Halaga o “Reimbursement”.** Sa ilalim ng sumusunod na tatlong kundisyon, ang binabawing halaga para sa mga serbisyo ay maaaring bawasan o itanggi kung:

1. Pabatid bago alisin ang bata mula sa publikong paaralan.

Maaaring bawasan o itanggi ng hukuman o ng opisyal ng pagdinig ang halagang binabawi o “reimbursement” kung hindi ninyo ipapaalam sa distrito ng paaralan na tinatangihan ninyo ang panukalang paglulugaran ng distrito ng paaralan, at hindi ninyo ipinapahayag ang mga alalahanin ninyo at intensyong ipatala ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na ang gagastos ay publiko.

Kailangang ibigay ang pabatid alinman sa:

- pinakahuling pagpupulong ng IEP na dinaluhan ninyo bago inalis ang inyong anak sa publikong paaralan; o
- sa isang sulat sa distrito ng paaralan sa loob ng hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng trabaho (kabilang na ang mga “holiday” o bakasyon na tumapat sa isang araw na may trabaho) bago inalis ang inyong anak mula sa publikong paaralan

**Hindi** maaaring bawasan o itanggi ng hukuman o opisyal ng pagdinig ang binabawing halaga o “reimbursement” kung hindi ibibigay ng magulang ang pabatid na ito dahil:



- ang magulang ay hindi marunong bumasa at sumulat sa wikang English;
- ang pagbabawas o pagtanggì sa bayad ay maaaring maging resulta ng pisikal o malubhang panganib sa bata;
- hinadlangan ng paaralan na makapagbigay ang magulang ng pabatid; o,
- hindi nakatanggap ang magulang ng kopya ng *Pabatid ukol sa mga Karaparatang Pang-edukasyon* o napasabihan man lamang na mayroong ganitong pangangailangan.

## 2. Pagtatasa ng distrito ng paaralan.

Maaari ring bawasan o hindi ibigay ng opisyal ng pagdinig ang halagang binabawi kung hindi mo isasama ang iyong anak para masuri ng distrito ng paaralan, basta't:

- nagbigay ang distrito ng paaralan ng paunang nakasulat na pabatid ng intensyon nitong suriin o muling suriin ang iyong anak;
- ang layunin ng pagsusuri ayon sa inilarawan sa paunang nakasulat na pabatid ay angkop at makatuwiran; at
- naibigay ang paunang nakasulat na pabatid bago pinaalis ang bata mula sa pampublikong paaralan.

## 3. Hindi makatuwiran.

Ang mababawing halaga o “reimbursement” ay maaaring mabawasan o hindi ibigay, kung mapapatunayan sa hukuman na hindi makatuwiran ang iyong mga aksyon.

## **IBA PANG MGA “RESOURCES” O MAHIHINGAN NG TULONG**

Maaari kang tulungan ng mga organisasyong pinopondohan ng publiko, na nakalista sa ibaba, sa pag-unawa ng mga karapatang pang-edukasyon at iba pang mga probisyon ng IDEA 04.

- **Ang Distrito ng Paaralan sa Inyong Lugar**
  - Guro para sa Espesyal na Edukasyon
  - Guro para sa Regular na Edukasyon
  - Punong-guro ng Paaralan
  - Espesyal na Tagapag-ugnay / Direktor para sa Edukasyon sa Distrito
  - Superintendent ng Distrito
- **PARENTS, Inc.**

Libreng Tawag: (800) 478-7678  
Fax: (907) 337-7671  
Website: <http://www.parentsinc.org>
- **LINKS - Mat-Su Parent Resource Ctr**

Palmer: (907) 373-3632  
Fax: (907) 373-3620  
Website: <http://www.linksprc.org/>
- **Alaska Dept. of Education & Early Development**

Office of Special Education Programs  
Juneau: (907) 465-8693 - (*hilinging makausap ang isang manedyer ng programa*)  
Juneau TTY/TTD: (907) 465-2815 - (*hanapin ang Opisina para sa Espesyal na Edukasyon*)  
Website: <http://www.eed.state.ak.us/tls/sped/>
- **Disability Law Center**

Libreng Tawag: (800) 478-1234 Phone/TTY  
Fax: (907) 565-1000  
Website: <http://www.dlcak.org/>
- **Ang Lupon ng Goberbador para sa mga may Kapansanan at Nangangailangan ng Espesyal na Edukasyon (Governor’s Council on Disabilities and Special Education)** ang nagsisilbing Grupong Tagapayo ng Alaska (State Advisory Panel). Nagpupulong ang Council nang ilang beses bawat taon sa iba’t ibang lugar sa buong estado. May kasamang oras para hingan ng puna ang publiko sa bawat pagpupulong. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa: (907) 269-8990.

## Pahayag ng Administratibong Sakdal

Ang mga impormasyong hinihiling sa lahat ng sinombrahang kahon ay dapat ibigay. Ang pormularyong ito ay maaaring buuin ng magulang ng batang may kapansanan o, kung naangkop, ng manananggol na kumakatawan sa bata. Sa kaso ng isang bata o baguntaong walang-tahanan, ibigay ang kaukulang impormasyon sa pakikipag-ugnay at ang pangalan ng paaralang pinapasukan nito.

<b>1. BATA</b>		
PANGALAN NG BATA	TIRAHAN NG BATA	ARAW NG KAPANGANAKAN NG BATA
BINIGAY NA PANGALAN: _____ APELYEDO: _____ PANGGITNANG INISYAL: _____	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	_____ BB/AA/TT
PAARALAN O PROGRAMANG PINAPASUKAN	LOKASYON NG PAARALAN / PROGRAMA	PANGALAN AT NUMERO NG KAUGNAY SA PAARALAN
PANGALAN NG PAARALAN: _____ KASALUKUYANG BAITANG: _____	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN: _____ TITULO: _____ NUMERO NA MATATAWAGAN: _____
MAGULANG O TAGAPAG-ALAGA	TIRAHAN NG MAGULANG/ TAGAPAG-ALAGA (KUNG NAIIBA)	TELEPONO NG MAGULANG / TAGAPAG-ALAGA
PANGALAN: _____ KAUGNAYAN: <input type="checkbox"/> MAGULANG <input type="checkbox"/> TAGAPAG-ALAGA	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGUNAHING TELEPONO: _____ PANGALAWANG TELEPONO: _____ EMAIL: _____
MANANANGGOL O KUMAKATAWANG LEGAL	LOKASYON NG DISTRITO	TELOPONO / FAX
PANGALAN: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN NG DISTRITO: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN: _____ TITULO: _____ NUMERO NA MATATAWAGAN: _____ NUMERO NG FAX: _____

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga (kinakailangan): \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

## **2. SULIRANIN**

*ANG MGA MAGULANG AY MAAARING HUMILING NG PAGDINIG KUNG SILA AY DI-SUMASANG-AYON SA PAGKAKAKILANLAN, PAGSUSURI, PANG-EDUKASYONG PAGPUPUWESTO O PAGBIBIGAY NG LIBRENG ANGKOP NA EDUKASYON-PAMPUBLIKO (FAPE) SA KANILANG ANAK.*

**ILARAWAN ANG INYONG SULIRANIN UKOL SA PROGRAMANG ESPESYAL NA EDUKASYON PARA SA INYONG ANAK, AT ANG MGA PARTIKULAR NA AKSYON NA ISINAGAWA O IPINAGKAIT NG PAMPAARALANG DISTRITO. ISALI ANG MGA PANGYAYARI TUNGKOL SA SULIRANIN.**

### 3. MINUMUNGKAHING KALUTASAN

ILARAWAN ANG ANUMANG PINANINIWALAAN NINYONG NARARAPAT GAWIN UPANG MALUTAS ANG SULIRANIN, KUNG KAYO AY MAY NALALAMAN O MAY MGA PARTIKULAR NA KURU-KURO SA PANAHO NG ITO.

## Pahayag ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig

Ang mga impormasyong hinihiling sa lahat ng sinombrahang kahon ay dapat ibigay. Ang pormularyong ito ay maaaring buuin ng magulang ng batang may kapansanan o, kung naangkop, ng manananggol na kumakatawan sa bata. Sa kaso ng isang bata o baguntaong walang-tahanan, ibigay ang kaukulang impormasyon sa pakikipag-ugnay at ang pangalan ng paaralang pinapasukan nito.

<b>1. BATA</b>		
PANGALAN NG BATA	TIRAHAN NG BATA	ARAW NG KAPANGANAKAN NG BATA
BINIGAY NA PANGALAN: _____ APELYEDO: _____ PANGGITNANG INISYAL: _____	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	_____ BB/AA/TT
PAARALAN O PROGRAMANG PINAPASUKAN	LOKASYON NG PAARALAN / PROGRAMA	PANGALAN AT NUMERO NG KAUGNAY SA PAARALAN
PANGALAN NG PAARALAN: _____ KASALUKUYANG BAITANG: _____	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN: _____ TITULO: _____ NUMERO NA MATATAWAGAN: _____
MAGULANG O TAGAPAG-ALAGA	TIRAHAN NG MAGULANG/ TAGAPAG-ALAGA (KUNG NAIIBA)	TELEPONO NG MAGULANG / TAGAPAG-ALAGA
PANGALAN: _____ KAUGNAYAN: <input type="checkbox"/> MAGULANG <input type="checkbox"/> TAGAPAG-ALAGA	PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGUNAHING TELEPONO: _____ PANGALAWANG TELEPONO: _____ EMAIL: _____
MANANANGGOL O KUMAKATAWANG LEGAL	LOKASYON NG DISTRITO	TELOPONO / FAX
PANGALAN: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN NG DISTRITO: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 1: _____ PUWANG PARA SA TIRAHAN 2: _____ LUNGSOD: _____ ESTADO: _____ ZIPCODE: _____	PANGALAN: _____ TITULO: _____ NUMERO NA MATATAWAGAN: _____ NUMERO NG FAX: _____

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga (kinakailangan): \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

Setyember 2009

Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan– Pahina 1 ng 3

Anyong EED – Pahayag ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig

## 2. SULIRANIN

*ANG MGA MAGULANG AY MAAARING HUMILING NG PAGDINIG KUNG SILA AY DI-SUMASANG-AYON SA PAGKAKAKILANLAN, PAGSUSURI, PANG-EDUKASYONG PAGPUPUWESTO O PAGBIBIGAY NG LIBRENG ANGKOP NA EDUKASYON-PAMPUBLIKO (FAPE) SA KANILANG ANAK.*

**ILARAWAN ANG INYONG SULIRANIN UKOL SA PROGRAMANG ESPESYAL NA EDUKASYON PARA SA INYONG ANAK, AT ANG MGA PARTIKULAR NA AKSYON NA ISINAGAWA O IPINAGKAIT NG PAMPAARALANG DISTRITO. ISALI ANG MGA PANGYAYARI TUNGKOL SA SULIRANIN.**

Setyember 2009

Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan– Pahina 2 ng 3

Anyong EED – Pahayag ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig

### 3. MINUMUNGKAHING KALUTASAN

ILARAWAN ANG ANUMANG PINANINIWALAAN NINYONG NARARAPAT GAWIN UPANG MALUTAS ANG SULIRANIN, KUNG KAYO AY MAY NALALAMAN O MAY MGA PARTIKULAR NA KURU-KURO SA PANAHONG ITO.

Setyember 2009

Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan– Pahina 3 ng 3

Anyong EED – Pahayag ng Kahilingan para sa Angkop na Pamaraan ng Pagdinig